菲律賓語

# Magpasuri para sa Love, LTBI
# Yakapin ang Kalusugan at Protektahan ang mga Minamahal

Maaaring mahawaan ng Mycobacterium Tuberculosis na sanhi ng tuberculosis (TB) ang mga tao nang hindi nila ito nalalaman. Pagkatapos mahawaan, papasok sila sa yugtong kung saan nakatago ang TB. Ang yugtong ito ay tinatawag na “Latent Tuberculosis Infection o LTBI". Sa hinaharap, maaaring lumabas ang nakakahawang sakit na “tuberculosis” dahil sa stress, pagbubuntis, iba pang karamdaman na nagpapahina sa katawan ng tao. Kung kaya’t, dapat nating sugpuin ang TB habang ito ay natutulog pa! Huwag hintayin na ikaw ay magkasakit at magdusa o mahawa ang iyong mga mahal sa buhay!

Walang kailangang gastusin sa pagkuha ng LTBI test. Kukuha lamang ng 4c.c. na dugo at malalaman ang resulta pagkalipas ng mga 1-2 lingo. Ang pagtanggap ng kumpletong paggamot ay maaari ding makabawas sa posibilidad na magkasakit sa TB ng higit sa 90%, at mabisang makakaiwas sa pagdurusa ng katawan dulot ng pag-inom ng maraming gamot na anti-tuberculosis.

Para sa mga tumatanggap ng paggamot para sa LTBI, sundin ang mga nakatakdang appointment sa doktor para sa follow-up na konsultasyon. Ang mga sasailalim sa maikling gamutan ay kinakailangang sumali sa serbisyong “DOPT” ng sentro ng pampublikong kalusugan, kung saan ay bisual na titingnan ng tagapangalaga ang pag-inom mo ng gamot at tutulong sa anumang problema na makakaharap mo sa panahon ng gamutan. Kung makaramdam ng mga sumusunod sa panahon ng paggagamot: pagkahilo, lagnat, nasusuka, pangangati o pantal sa balat, sakit sa kanang itaas ng tiyan, pamamanhid sa kamay at paa, paninilaw ng mga puti ng mata at balat, walang ganang kumain, acute na allergic reaction, mag-kusang-loob na sabihin sa tagapangalaga o sa healthcare staff ng health center, upang masuri nila kung kinakailangang bumalik sa klinika sa madaling panahon at mabigyan ng doctor ng karapatang lunas.

Ito ay eksklusibo para sa mga bagong residente, maraming mga benepisyong matatanggap ang mga lalahok sa Programang Pagsusuri at Paggamot ng LTBI. Mula ngayon, ang mga taong hindi pa nakakatanggap ng paggamot para sa TB o sa LTBI ay hinihikayat na kaagad na sumali sa programang ito at sabay na iuwi ang kalusugan at regalo sa bahay! **Kailangang tumanggap ng paggamot ang mga nagpositibo upang epektibong mabawasan ang panganib ng tuberculosis. Kung nais mong malaman ang kondisyon ng inyong impeksyon at nais na tumanggap ng paggamot pagkatapos magpositibo, inaanyayahan namin kayong samantalahin ang pagkakataong ito!**

---

Magpasuri para sa Love, LTBI
Yakapin ang Kalusugan at
Protektahan ang mga Minamahal

## Form para sa Pagrerehistro sa Aktibidad

Pangalan：______________________________ Nasyonalidad ：____________________

Residence ID / Passport No：_____________________ Telepono ：_________________________

Address ng Tirahan ：________________________________________________________________

Nakatanggap ka na ba ng paggamot para sa tuberculosis o sa latent tuberculosis infection (LTBI)?

☐ Oo ☐ Hindi

Petsa kailan nilagdaan：______/______/______ Lagda ：_________________________

疾病管制署 • ______衛生局
關 心 您 的 健 康